QC ASENSO:

UNA KA SA SERBISYO

MAYOR JOY BELMONTE'S 3RD STATE OF THE CITY ADDRESS (SOCA)













MAYOR JOY BELMONTE'S STATE OF THE CITY ADDRESS 2021

Delivered on October 11, 2021

Noong una akong tumayo dito sa inyong harapan, nangako ako: magkakaroon kayo ng isang gobyernong makatao. Magkakaroon kayo ng isang gobyerno kung saan ang nangunguna ay hindi mga pulitiko, kundi ang taumbayan. Magkakaroon kayo ng gobyerno kung saan kayo ang una sa serbisyo.

Ngayon, buong kababaang-loob kong ipinapahayag na ang pangakong ito ay natutupad na. Sa kabila nito, hindi madali ang daan na tinahak natin. Bukod sa taimtim na layunin na paunlarin ang buhay ng mga taga-Quezon City, malinaw rin sa amin, noon pa man, kung gaano kabigat ang trabahong aming hinaharap. Kailangan na kailangan namin ang tulong ninyong mga mamamayan, upang mapagtagumpayan ang mithiing ito.

Noong nakaraang taon, paglapag ng COVID-19 sa Pilipinas, parang binuhusan ng mainit na tubig ang asukal ng ating matatamis na pangarap. Walang gobyerno, sa buong mundo, na makakapagsabi, nang may lakas ng loob, na napaghandaan nila itong delubyo, na hanggang ngayon ay hindi pa din natin lubos na nauunawaan.

Ngunit sa harap ng matataas na alon ng pag-aalangan, kawalang-katiyakan, at nakayayanig na takot, lumutang ang ilang matitibay na katotohanan, na ating mapanghahawakan.

Una, ipinakita sa atin ang tunay na dapat pahalagahan ng bawat isa: buhay, kalusugan, pamilya.

Ikalawa, at ito ang nakakataba ng puso, napakarami ang tahimik na tumulong, at patuloy na nagbibigay ng suporta sa gobyerno at sa kapwa-taga-QC, upang makagaan sa bigat ng pinagdadaanan nating lahat.

Ang kuwento ng QC ngayon, ay kwento ng kanyang mga mamamayan. Karamihan sa kanila ay tahimik, disente at naninindigan sa tama at totoo. Kasabay nito, sinikap nating bigyan sila ng isang gobyernong tama at totoo.

1 MAHUSAY AT TAPAT NA PAMAHALAAN





- Pinakamalaking koleksyon ng buwis - Php 22 bilyon
- Pinakamalaking natipid at naipon - Php 24.6 bilyon
- Kabuuang assets na nasa- Php 451 bilyon
- Unqualified o clean opinion rating o pinakamataas na rating mula sa Commission on Audit
- Pagsusuri ng Quezon City Contract Termination Review Committee (51 contract projects , ipinatigil at nakatipid ng mahigit Php 867 milyon)
- Nakapag-isyu ng 250, 340 ordinance violation receipts at nakalikom ng Php 30 milyon para sa general fund sa loob lang ng apat na buwan at Php 133 milyon mula sa traffic violations
- Nagtalaga ng action officers para sa lahat ng Distrito
- Paglunsad ng mga district center sa Districts 3 at 4
- Inilunsad ang Quezon City E-services para sa mga sumusunod na serbisyo:
  - QCitizen ID
  - Online Business permit
  - Online Building permit
  - Occupational permit
  - Health Certificate
  - Sanitary Permit
  - Pangkabuhayang QC
  - Kalingang QC Para sa Negosyo
  - QC Vax Easy registration & booking
  - Real Property Tax Payments
- Mahigit 1.5 million na ang may QC E-services accounts
- Mas maayos na serbisyo ng Helpline 122
  - Voice recording system
  - Customer relationship management ticketing system

Sa kabila ng dagok ng COVID-19 sa ekonomiya ng QC, naitala natin ang pinakamataas na koleksyon na nasa Php 22 bilyong piso sa nakalipas na taon. Ito ang pinakamataas na koleksyon, hindi lamang sa buong bansa, kundi sa buong kasaysayan ng ating lungsod.

Patunay ito na mas nagtitiwala ang mga QCitizens ngayon, na mapupunta sa makabuluhang mga programa ang ambag nilang buwis at bayarin. Kahit inilaan natin ang malaking bahagi ng ating budget sa pagtugon sa COVID-19, may naipon pa tayong 24.6 billion pesos, na lampas pa sa ating pondo bago pumasok ang 2019 at ang pandemya.

Kasabay ng good financial standing ng ating pamahalaang lungsod, nananatili din tayong walang utang. Dahil dito, ang QC ang may pinakamalaking halaga ng assets, katulad ng mga donated lands, buildings at mga kalsada, na ngayon ay mahigit na sa 451 billion pesos.

Sa kauna-unahang pagkakataon, sa buong kasaysayan ng ating lungsod, ngayon lamang tayo nakatanggap ng "unmodified opinion" o "clean opinion" ng COA, para sa nakaraang taong 2020.
Sa madaling salita po, kung maituturing na Principal ang COA, ang clean opinion na ibinibigay niya, ay katumbas ng karangalan para sa Valedictorian. Pinagtibay ng COA na masinop, maayos at maingat ang paglalaan, paggastos at pagbabantay sa ating pondo.

Nagawa nating bantayan ang kaban ng bayan kahit may umiiral na krisis. Sa unang yugto pa lamang, tiniyak na natin na mayroong istruktura ng pagbabantay, may istriktong alituntunin, at mga tapat na opisyal na mahigpit na tututok para masigurong tapat ang inyong gobyerno.

Sa pinaka una nating Executive Order, nilikha ang Internal Audit Service (IAS), at sila ang inatasan natin na tiyakin na ang bawat piso ng pamahalaan ay nalalaan at nagagastos nang tama. Binago na natin ang kwento ng paglilingkod sa QC. Transparency, accountability at integrity: ang lahat ng salitang ito ay hindi lamang binibigkas, kundi isinasabuhay sa bawat araw ng lokal na pamahalaan.

Binuo natin ang Quezon City Contract Termination Review Committee, upang tiyakin na ang mga dating proyekto, na ating minana sa nakaraang administrasyon, na inabandona ng mga kontratista at ngayon ay naka-tengga, ay masusuri, at kung kailangan, ipatigil upang maipon at mailaan na lamang ang pondo, sa mga kailangang programa sa kasalukuyan.

May 51 kontrata na ang ipinahinto at nakaipon tayo ng kabuuang 897 million pesos. Ang halagang ito ay pinakikinabangan na ngayon sa mga programa at serbisyong pantao.

Binuo natin ang Quezon City Contract Termination Review Committee, upang tiyakin na ang mga dating proyekto, na ating minana sa nakaraang administrasyon, na inabandona ng mga kontratista at ngayon ay naka-tengga, ay masusuri, at kung kailangan, ipatigil upang maipon at mailaan na lamang ang pondo, sa mga kailangang programa sa kasalukuyan.

May 51 kontrata na ang ipinahinto at nakaipon tayo ng kabuuang 897 million pesos. Ang halagang ito ay pinakikinabangan na ngayon sa mga programa at serbisyong pantao.

Sa ating layuning makalikom pa ng dagdag pondo upang matugunan ang iba't ibang aspeto ng ating Covid-19 response, nabatid natin na napakarami sa mga ordinansang napasa ng ating mahusay na city council ang hindi naipapatupad dahil sa kakulangan ng maayos na sistema.

Nakapagtalaga na po tayo ng mga Action Officers sa bawat Distrito. Pinasinayaan na natin ang ating District 3 Action Office at malapit nang pasinayaan ang Action Office sa Distrito kuwatro. Na-isaayos na rin natin ang Novaliches District Center at sa darating na mga taon, magkakaroon na ng maayos na Action Offices ang iba pang mga distrito. Ang mga ito ang magsisilbing mini city halls na tatauhan din ng mga opisyal mula sa iba't ibang frontline offices ng City Government katulad ng OSCA, PDAO, SSDD, City Treasurer, Civil Registry Office at iba pang departamento.

Binuksan natin ang pintuan ng Quezon City E-Services, at namahagi tayo ng susi, ang QCitizen ID, upang maging abot-kamay ang lahat ng serbisyo ng lungsod, sa pamamagitan lamang ng computer, tablet o cellphone.

Pinag-isa ng QCID ang maraming citizen databases at records. Nagsisilbi din itong valid government-issued ID, para mapakinabangan ang lahat ng serbisyo at benepisyo, kasama na ang libreng Q City Bus, Pangkabuhayang QC livelihood at financial assistance programs, scholarship programs, healthcare, at iba pang social services. Sa kalaunan, papalitan din ng QC ID ang kasalukuyang ID ng mga Senior Citizens, Persons With Disability (PWD), at Solo Parents na madaling mapeke o abusuhin.

Naging agresibo ang ating lungsod na palawakin ang automation at digitalization ng ating mga serbisyo sa pamamagitan ng iisang online platform, ang QC E-Services system.

Sa loob ng maikling panahon, inilipat na ang marami sa ating mga serbisyo online, katulad ng pag-apply para sa Business Permit, Building Permit, QCitizen ID, Occupational Permit, Health Certificate, Sanitary Permit, Pangkabuhayang QC, Kalingang QC Para sa Negosyo, QC Vax Easy registration at booking, at maging Real Property Tax (RPT) payments.

Sa kasalukuyan, mahigit 1.5M QC E-Services accounts na ang nilikha ng ating mga QCitizens.

Pinalakas din natin ang Helpline 122 at ngayon, sakop na rin nito hindi lang ang emergency assistance, kundi pati na rin COVID-19-related concerns, mga katanungan hinggil sa iba't ibang serbisyo ng lungsod, pati na rin mga sumbong tungkol sa VAWC, at samu't saring mga reklamo.

2 SERBISYONG PANTAO NA WALANG INIIWAN



PABAHAY:

- **Bumili ng 22.5 hectares na lupa sa iba-ibang lugar sa lungsod para sa mga proyektong pabahay**
- **Mahigit 3,950 na pamilyang walang tirahan ang nagkaroon ng sariling titulo ng lupa sa pamamagitan ng Direct Purchase Program**
- **206 na pamilya ang nakinabang mula sa Community Mortgage Program sa iba-ibang lugar**
- **46 Transition Housing Units sa Barangay Bagong Silangan**
- **317 na pamilya ang nakinabang sa Rental Housing Program sa iba-ibang lugar**
- **Kasalukuyang nagpapagawa ng mga bahay para sa 960 pamilya sa Barangay Nagkaisang Nayon at Gulod**
  292 na benepisyaryo sa ilalim ng Direct Sale Program sa iba-ibang lugar
- **16.4 hectares na ang dine-develop para sa mahigit 4,320 na pamilya sa Matandang Balara, Baesa, Bagong Silangan, Payatas, at Pasong Tamo**
- **5-palapag na gusali na may 188 units sa Barangay Baesa**
- **12-palapag na gusali na may 315 units sa Barangay Balingasa**
- **5-palapag na gusali na may 207 units sa Barangay Payatas**
- **Target ng lokal na pamahalaan na makapaglaan ng pabahay para sa 17,674 na pamilya sa taong 2022**



SOCIAL SERVICES:

- Bahay Aruga sa Barangay Kamuning na tirahan ng Senior Citizens
- Bahay Kalinga sa Barangay NS Amoranto para sa mga batang lansangan at pamilyang nakatira sa kalye
- Molave Youth Home sa Barangay Payatas para sa mga children in conflict with the law
- Bahay Pangarap sa Barangay San Agustin para sa mga batang nalulong sa solvent at iba pang droga
- Bahay Kanlungan para sa mga biktima ng VAWC at domestic abuse
- Kabahagi Center sa Barangay Batasan Hills para sa mga batang may kapansanan
- Binuo ang programang 'No Woman Left Behind' para sa mga kababaihan sa QC Jail Female Dormitory
- Health insurance para sa mga opisyal ng barangay at kontraktwal na mga empleyado
- Pag-promote at pag-appoint sa 877 na empleyado ng lokal na pamahalaan

Ang katiyakan ng paninirahan ang isa sa mga pangunahing isyu sa ating lungsod, lalo na para sa ating informal settler families. Kaya noon pa man, masigasig tayong naghahanap ng mga paraan para masolusyunan ang napakatagal nang problema ng pabahay. Bumili tayo ng anim na parsela ng lupa, na may kabuuang laki na 22.5 hectares sa tatlong barangay sa ating lungsod.

Alinsunod sa Shelter Plan ng ating lungsod, nagkaroon tayo ng iba't-ibang uri ng pabahay na akma sa kakayahan ng bawat mamamayan. Anuman ang estado sa buhay, lahat dapat ay may katiyakan sa paninirahan.

Nang dahil sa Direct Purchase program natin, natupad ang pangarap ng 3,950 informal settler families. Ipinagpatuloy din natin ang Community Mortgage Program na nakapagbigay ng tulong pabahay sa 206 na pamilya mula sa iba't ibang barangay. Upang mabigyan ng disenteng tirahan ang mga naging biktima ng kalamidad o mga pamilya na naghihintay ng permanenteng relokasyon, bumili tayo ng 46 Transition Housing Units sa Barangay Bagong Silangan. Layunin din nating magkaroon ng maayos na tirahan kahit ang pinakamahihirap nating mamamayan. Kaya't sa ating Rental Housing Program, maaaring magkaroon ng disenteng tahanan ang pamilya sa halagang 800 pesos kada buwan lamang sa isang maayos na komunidad. Sa ngayon, nasa 317 na pamilya na ang kabilang sa programang ito.

Patuloy din tayong nagpapatayo ng pabahay para sa 960 na pamilya sa Nagkaisang Nayon at Gulod. Sa programang Direct Sale naman, nakapag award na rin tayo ng titulo sa 292 na benepisyaryo mula sa iba't ibang barangay. Sa kasalukuyan, nakikipag-usap tayo sa mga private landowners upang mabili ang kabuuang 16.4 hectares para sa katiyakan ng paninirahan ng nasa 4,320 pang pamilya sa Matandang Balara, Baesa, Bagong Silangan, Payatas at Pasog Tamo.

Patuloy din tayong nakikipag-ugnayan sa National Housing Authority katuwang si Congressman Jesus Manuel Suntay upang maisaayos ang katiyakan ng paninirahan ng nasa 6,873 na pamilya sa NIA Road, Forestry at Botanical Garden.

Atin na ring pinasimulan ang pagtatayo ng 5 storey residential building na may 188 units sa Barangay Baesa. Magpapatayo din tayo ng 12 storey residential building na may 315 units sa Barangay Balingasa at 5 storey residential building na may 207 units sa Barangay Payatas. Target nating mabigyan ng katiyakan sa paninirahan ang nasa 17,674 na pamilya sa aking unang termino.

Isa na namang una sa kasaysayan ng QC ang pagbibigay ng health insurance coverage sa mahigit anim na libong plantilla employees, kung saan makakakuha sila ng 100,000 pesos maximum benefit, kada sakit, sa bawat taon. Kasama rito ang taunang medical examination at dental coverage.

Mula nang tayo'y maupo, halos buwan buwan nagtitipon ang Personnel Selection Board. Sa nakaraang taon lamang, naaprubahan ang 877 appointments and promotions. Bahagi ito ng patuloy na pagsasaayos natin sa ating workforce upang makatikim man lang ng promotion ang ating mga deserving employees.

3 MALAWAKANG PAGTUGON SA PANDEMYA



- Mahigit 1.7 million adults ang nabakunahan sa loob ng anim na buwan
- 55,000 doses ng bakuna ang naiturok sa loob ng isang araw, pinakamataas na nakamit sa buong bansa









- Bakuna nights, drive-thru vaccinations, bahay-bahay na pagbabakuna, bakuna at ayuda para sa mga miyembro ng TODA, at QCProtektodo mobile vaccination bus
- 23 community testing sites
- Mahigit 304,000 na tao ang na-test simula January 2021
- Pagproseso ng 1,500 tests sa Quezon City Molecular Laboratory kada araw
- Nagpatupad ng Special Concern Lockdown sa 635 na lugar na may 31,868 na pamilya
- 3559 contact tracers
- 19:1 contract tracer sa bawat positibong kaso, pinakamataas ay 30:1
- KyusiPass Contact Tracing App sa 42,294 na establisyemento
- 12 HOPE Facilities na kayang tumanggap ng 1733 na pasyente
- 86 na barangay ang nagtayo ng kanilang quarantine facilities na may kabuuang bilang na 900 bed capacity
- 28,000 manggagawa na nawalan ng trabaho ang nabigyan ng tulong pinansyal sa pamamagitan ng Kalingang QC para sa Manggagawa

- 3070 na negosyo na may 18,732 na empleyado ang nakinabang sa Kalingang QC para sa Negosyo
- Ayudang Php 10,000 para sa frontliners na nagkaroon ng COVID; Php 20,000 naman para sa mga pamilya ng mga frontliner na namatay
- Php 2,500 na allowance para sa mga nag-volunteer na healthcare workers sa mga vaccination site
- Php 13,000 ang pinakamababang sweldo para sa community healthcare workers
- Central Pharmacy Management System na unang inilunsad sa Tatalon Health Center sa District 4



Kung lubog tayo sa kahirapan noong nakaraang taon nang sinalakay tayo ng Public Enemy No. 1, ang tunay na kontrabida sa ating buhay, ngayon naman binigyan tayo ng sandata at nagkaroon ng higit na kaalaman upang labanan at sugpuin ang COVID-19. Ngunit wala na sigurong mas titingkad pa sa pinagsanib na pwersa ng mamamayan at pamahalaan.

Ayon sa ating datos noong October 17-23, pumapatak na 268 na lamang ang ating average daily active cases. Malayong malayo ito sa bilang na naitala sa kasagsagan ng surge noong September 5-11 kung saan umabot sa nakakakilabot na 1,257 ang ating active cases daily. Eight percent na lamang ang ating positivity rate ngayon mula 30% noong Setyembre, samantalang ang average daily attack rate o ADAR ay nasa 8.53 ngayon kumpara sa 39.95 noong nakaraang buwan. Nasa 97.08% ang recovery rate natin ngayon at bumaba na ang death rate natin sa 0.85% na lamang.

Natutuwa din akong ibalita na nalampasan na natin ang 100% ng ating target na 1.7M o 80% of the eligible population noong Agosto pa, isang buwan bago ang September deadline natin for first doses. Samantala, dalawang tulog na lang, maaabot na rin ang target natin na 100% o 1.7M fully vaccinated adults.

Sinimulan na rin natin bakunahan ang ating pediatric patients noong Biyernes at sa ngayon, 2,541 children with comorbidities na ang nakatanggap ng proteksyon.

Totoo, maraming naging hamon, ngunit hindi tayo nagpatinag. Sapagkat umaasa ang tatlong milyong mamamayan sa atin na maging ligtas sila sa sakit at kamatayan at manumbalik ang mga hanapbuhay nilang nawala. We had to vaccinate at least 1.7M adults

in six months. This is by far the most number of persons any city had to jab given the same timeframe.

Ngunit ang limang hakbang naging tatlo. Ang pitong oras naging isa't kalahati o madalas, tatlumpung minuto na lang. Sa awa ng Diyos, naayos ang online registration system natin. Nag-isip tayo ng iba't ibang paraan para mapalapit ang bakuna sa tao at nagbunga ito ng barangay-assisted booking; kasama ang ating mga homeowners associations, civic organizations at mga parokya; kasama ang ating mga government agencies, kasama lahat ng mga malls sa ating lungsod. At the peak of our vaccination program, we vaccinated 55,000 people in 40 vaccination sites in just one day with the help of volunteers, government health workers, and private sector health workers. This record remains unbeatable in the country to this day.

Kinailangan din natin mag-isip ng mga makabagong paraan upang walang maiiwan sa programang pagbabakuna. Nariyan ang Bakuna Nights para sa mga empleyado, drive-thru vaccinations para sa pami-pamilya, house-to-house vaccination for the bedridden at institutionalized, bakuna plus ayuda para sa mga TODA members, at ang ProtekTODO mobile vaccination bus para sa mga residente ng malalayong lugar sa ating lungsod.

Kahit naabot na natin ang ating vaccination target, naninindigan tayo na dapat bakunahan natin ang lahat ng payag magpabakuna. Sa kasalukuyan, may saturation drive tayo at pinapasok na natin ang ating mga communities kung saan may reported clusters of unvaccinated individuals. Binabakunahan din natin ang mga taong napasama sa special concern lockdown areas natin pagkatapos alisin ang lockdown nila. Pati ang mga na-confine sa Hope facilities at ospital natin binabakunahan na din pagka-discharge sa kanila. Now, we are mainstreaming our vaccination program by stocking vaccines in our health centers, lying-in clinics, sundown clinics and hospitals for anyone who wants to be vaccinated in a facility.

Bago pa nauso ang 'granular lockdown' bilang isa sa mga interventions na inirekomenda ng national government, matagal nang ipinapatupad ang ordinansa ng lungsod na may pamantayan sa makatao, responsable at mapag-kalingang containment ng mga lugar na nagpapamalas ng community transmission. Tinatawag natin itong 'Special Concern Lockdown' areas. Sa bawat lockdown, sagot ng lokal na pamahalaan ang kanilang essential needs katuwang ang barangay.

Sa simula pa lamang, panalo na ang contact tracing ng lungsod Quezon. Dahil ito ang pinakamabisang paraan para pigilan ang pagkalat ng COVID-19, nag-mobilize ang Quezon City ng kabuuang pwersa na 3,559 contact tracers mula sa Quezon City CESU at iba pang mga ahensya katulad ng DILG at DOLE. Nahigitan pa natin ngayon ang NCR average na eight persons traced. Sa ngayon, - umaabot na sa 19 persons ang contact traced sa bawat isang positive case.

Dinagdagan din natin ang mga HOPE Community Caring Facilities, upang kalingain ang mga mamamayan na walang kakayahan mag self-quarantine sa kanilang tahanan.



Na-upgrade din ang daloy ng ating mga serbisyo sa HOPE Facilities na ngayon ay mayroon na ring online booking system parang hotel. Kasabay nito ang pinabilis na proseso ng admission dahil sa mas maayos na triaging system at matibay na pagtutulungan ng ating mga barangay, CESU, DRRM, at ospital.

Bukod sa ayuda mula sa pambansang pamahalaan, naglunsad din tayo ng sarili nating programa - ang 'Kalingang QC para sa Mang-gagawa', na nagbigay ng one-time financial assistance na P2,000, sa mga nawalan ng trabaho, natanggal sa trabaho o pansamantalang pinahinto sa trabaho, bunsod ng pagpapatupad ng ECQ. Mga 28,000 displaced workers ang nakinabang dito.

Pinalawak din natin ang stimulus package para sa mga micro and small businesses sa ating lungsod. Kalakip nito ang Kalingang QC para sa Negosyo. Layunin nitong makatawid sa pandemya ang maliliit na negosyante, upang hindi mawalan ng trabaho ang kanilang mga empleyado at upang lumago ang lokal na ekonomiya. Mga 3,070 na negosyo at 18,372 na empleyado ang nakinabang sa programang ito.

Alinsunod sa ordinansa ng Quezon City Council, nagbigay tayo ng Php10,000 tulong sa mga naging biktima ng COVID-19 sa hanay ng ating mga kawani. Binigyan naman ang mga pamilya ng ating mga empleyadong nasawi ng Php 20,000.

Upang ipaabot din ang pasasalamat natin sa mga volunteer healthcare workers sa ating mga vaccination sites, naglaan tayo ng allowances na umabot sa hanggang Php 2,500 per day.

Sa kabilang dako, itinaas natin ang sahod ng mga community healthcare workers, mula sa hanggang P7,000 kada buwan sa hindi bababa sa Php13,000 per month.

Kabilang sa pagtugon sa pandemya ang pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan. Kaugnay nito, ating inilunsad ang makabagong computerized Central Pharmacy Management System. Dati, ang bawat health center ay tila hinuhulaan lamang kung magkano at anong uri ng gamot ang kakailanganin bawat buwan. Ang resulta, sumosobra ang ibang gamot, at ang iba naman ay nag-eexpire . Ngayon, sa pamamagitan ng bagong sistema, real-time namo-monitor ang imbentaryo at binibili lang ang gamot na talagang kailangan. Walang nasasayang na pondo.

Ang kauna unahan Central Pharmacy ay pinasinayanan natin sa Tatalon Health Center sa Distrito Kwatro at bubuksan na rin ang anim pang central pharmacies sa ibang distrito sa mga susunod na buwan.

Bilang tulong natin sa mga manggagawang maliit lamang ang kita at hirap sumakay nang dahil sa kakulangan sa transportasyon pampubliko, inilunsad natin ang Q City Bus Program. Binubuo ito ng 108 passenger buses na regular na dumadaan sa walong ruta sa loob lamang ng Quezon City. Ang libreng bus transport service na ito ang kauna-unahan sa buong Pilipinas, at nakapaghahatid ng mahigit sa 73,000 commuters kada linggo.

Inayos at pinalawak natin ang dedicated bike lane network ng ating lungsod. Sa kasalukuyan, may 93 kilometers na protected and interconnected bike lanes na tayo. Susunod na ang Phase 2 ng bike lane project natin kung saan madadagdagan pa ng mahigit 80 kilometers ng bagong lanes para sa kabuuang 173 kilometers. Mahigit 20,000 biyahe ng mga siklista, o biking trips, ang dumadaloy sa ating mga bike lanes araw-araw. Bukod sa pagtulong nito sa ating mga manggagawa, bahagi din ito sa pinirmahan nating Clean Air Declaration bilang kasapi sa prestihiyosong C40 global cities alliance against climate change.

Kaugnay nito, namigay tayo ng 15,000 bike helmets, 1,200 bikes para sa mga manggagawa ng may magamit sa kanilang pagpasok sa trabaho. Nagtalaga rin tayo ng 60 bike patrollers para masigurong ligtas ang pagbyahe ng mga siklista.

Layon din nating hikayatin ang ating mga mamamayan na maglakad upang isulong ang kanilang kalusugan at bawasan ang air pollution. Tungo dito, naisakatuparan natin ang pinaka-una nating GORA Lane. Ang GORA Lane or Green Open Reclaimed Area ay isang 5-kilometer walkable, green pedestrian corridor na nagdudugtong sa tatlong mahahalagang kalsada - EDSA, Aurora Boulevard at Quezon Avenue. Kinokonekta din nito ang dalawang MRT stations at isang LRT station sa mga sentro ng komersyo ng ating lungsod. Ang GORA lane ay hindi lamang walkable green space pero mayroon ding mga pocket parks para sa mga health and wellness activities. Sinimulan na rin ang pagpa-plano para sa East Avenue Greenway Development, na siyang magiging susunod na pedestrian corridor ng lungsod at pati na rin ang Balintawak Redevelopment Project natin.

Itinalaga ng Department of Health ang Rosario Maclang Bautista General Hospital, bilang Level 2 na ospital noong Biyernes lamang. Nangangahulugan ito na ang Rosario Maclang ay mas marami nang

4 PAGPAPABUTI NG TRANSPORTASYON AT IMPRASTRUKTURA



- QCity Bus Program na may 108 na bus na bumibyahe sa walong ruta at nagseserbisyo sa mahigit 73,000 na mga pasahero linggu-linggo
- 93 kilometrong ligtas at magkakarugtong na Bike Lane Network
- Mahigit 20,000 na siklista ang namimisikleta sa isang araw
- 15,000 na bike helmet ang naipamigay
- 1,200 na bike ang ibinigay sa mga manggagawa
- 60 bike patrollers
- Green Open Reclaimed Area na 5 kilometrong walkable, green pedestrian corridor na may maliliit na parke.
- Rosario Maclang Bautista General Hospital ganap nang Level 2 na ospital
- Pitong bagong bihis na health centers, may triaging system sa Ramon Magsaysay, Tatalon, Kamuning, Greater Lagro, Pasong Putik, Nagkaisang Nayon, at Sta Lucia
- Libreng isang oras na internet connectivity sa 3,000 access points at 525 sites sa iba-ibang lugar ng lungsod
- Suporta para sa mga proyektong pangimprastraktura na nasa Php 4.7 billion
- 54, 347 LED at energy efficient street lights ang ikinabit at 24,880 pa ang ikakabit
- No Contact Apprehension program sa pamamagitan ng public-private partnership

maibibigay na serbisyo gaya ng General Intensive Care Unit, Dental Clinic at Respiratory Unit. Sa kabilang banda, magkakaroon nang human milk bank ang Novaliches District Hospital, the second in Quezon City. Ang Human Milk Bank natin sa Quezon City General Hospital, our first, ay isang finalist sa 2021 Galing Pook Awards para sa mga natatanging proyekto ng lokal na pamahalaan, through this milk bank, 6000 children at risk were given a second chance in life. Pinasinayaan din natin ang pitong newly-renovated health centers, sa Ramon Magsaysay, Tatalon, Kamuning, Greater Lagro, Pasong Putik, Nagkaisang Nayon, at Sta. Lucia. May susunod pang dalawang health center sa San Bartolome at Tandang Sora na malapit na rin mapasinayaan, at may labinsiyam pa na kasalukuyang inaayos. Ano ang espesyal sa mga health centers na ito bukod sa karagdagang serbisyo? Meron na silang triaging system, upang maihanda ang ating mamamayan sa mas matagal pang problema ng pandemiya.

Pagkatapos nating maghintay ng dalawamput pitong taon, natupad na ang ating pangarap na maging isang ganap na pamantasan ang Quezon City University (QCU). Ito ay matapos igawad ang institutional recognition mula sa Commission on Higher Education (CHED). Kasabay nito ang acreditasyon ng mga kursong industrial engineering, electronics engineering, information technology at entrepreneurship batay sa mga pamantayan ng CHED. Maliban sa libreng tuition, ang mga mag-aaral ng QCU ay maari ring mag apply ng Tertiary Education Subsidy na umaabot sa 20,000 pesos per semester. Sa mga darating na taon, asahan natin ang patuloy na pagpapalawak ng mga kurso sa ating unibersidad, tulad ng urban agriculture, public administration, early childhood, elementary and secondary education, food technology, management, accountancy, at business administration. Ang aking layunin ang bawat batang grumaduate sa Quezon City University ay maging proud na batang QC.

Sa paglipat ng negosyo at pag-aaral sa mundo ng online, naging mas mahalaga ngayon ang internet connectivity. Nakipagtulungan ang City Government sa pribadong sektor upang magbigay ng free one-hour daily internet connectivity sa 3,000 access points, sa 525 sites sa buong lungsod, kasama na dito ang mga barangay halls, health centers, public markets, public parks, at iba pang lugar.

Kahit na inilalaan ng QC ang malaking bahagi ng kanyang pondo para sa pandemic response at social services, patuloy pa rin ang pagbuhos ng suporta para sa mga essential infrastructure projects na umaabot sa Php 4.7 bilyong piso.

Patuloy ang pagtatayo, pagsasaayos at rehabilitasyon ng ating mga social welfare facilities, community facilities, school buildings, parks and sports facilities, police stations, markets, at iba pang imprastraktura, kasama rin ang pagkukumpuni ng ating mga kalsada, drainage system at maging street lights.

Nakipag-ugnayan din tayo sa pribadong sektor sa pamamagitan ng isang Public Private Partnership para sa pagsulong ng mga makabagong teknolohiya sa pagpapatupad ng mga programa ng gobyerno. Sinimulan na natin ang dry run ng no contact apprehension o paghuli sa mga lumalabag sa batas trapiko sa pamamagitan ng mga CCTVs at digital traffic system.

5 PINATIBAY NA SEKTOR NG EDUKASYON







- Institutional recognition mula sa Commission on Higher Education para sa Quezon City University
- Tertiary Education Subsidy na Php 20,000 bawat semester
- 8,250 na laptops para sa mga estudyante at guro ng QCU
- 400,000 na tablets para sa mga mag-aaral na Grade 4-Grade 12 sa mga pampublikong paaralan
- Adarna story books para sa mga bata sa day care centers
- Scholarship para sa 16,632 na mag-aaral sa school year 2020-2021

Sa patuloy na pananalasa ng COVID-19, patuloy na nagsisikap ang QC Government, upang matiyak na makakabangon at makakaahon tayo sa pinakamalaking hamon sa ating ekonomiya, sa pamamagitan ng napapanahong tax relief at pagpapabuti ng mga serbisyo.

Una na nating ipinangako na patuloy nating paghuhusayin at pabibilisin ang service delivery para sa lahat ng negosyo sa QC. Mula sa paper-based business permit application process, inilunsad natin ang QC Biz Easy, na isang Online Unified Business Permit Application System.

Sa programang QC Build Easy, nailipat na sa isang digital system ang komplikadong construction permit application procedure. Nagbunga ito ng makabuluhang pagtaas sa kabuuang bilang ng mga issued permits.

Bilang pagsunod sa Ease of Doing Business Act, ipinatupad na ng City Government ang QC Pay Easy, na isang electronic o online payment facility na nagbibigay sa mga taxpayers at business owners, ng mas maginhawang paraan ng pagbabayad ng kanilang real property dues at new business permit applications, sa online portal ng QC E-Services.

Inilunsad noong 2013 at patuloy pa hanggang ngayon ang programang pangkabuhayan na 'Tindahan ni Ate Joy' na nagbibigay ng tulong sa mga homebound mothers, solo parents, people with disabilities, abuse survivors, at asawa ng mga drug dependents, upang makapagpatayo ng sari-sari store na tutustos sa pang-araw araw nilang pangangailangan. Naihatid na ang programang ito sa 2,389 beneficiaries, at nadagdagan pa ng 600 ngayong 2021.

Mula Setyembre, patuloy pa rin na tumatanggap at nagpro-proseso ng mga aplikante para sa ating Pangkabuhayang QC Program na naglalayong magbigay ng start up capital assistance mula 5,000 hanggang 20,000 pesos para sa mga displaced workers, micro-entrepreneurs, umuwing OFWs at iba pang nagnanais na magkaroon ng negosyo. As of October 22, halos 2,000 start-ups na ang nabigyan ng capital assistance ng lungsod bagama't kailan lang ito inilunsad.

Bukod dito, tinutulungan din ng pamahalaang lungsod ang ilang grupo na magbuo ng kooperatiba para palakasin at palawakin ang kanilang samahan. Sa ngayon, mayroon na tayong QC Sewers Cooperative na gumagawa ng mga PPEs para sa ating mga ospital at ang New Greenland Farmers Cooperative na siyang kauna-unahang urban farming cooperative sa bansa.

Isa sa naghatid ng karangalan sa ating lungsod ay ang librong, Made in QC. Ang aklat na ito ay compilation ng mga produktong gawa ng ating homegrown artisans, na inilathala ng lungsod bilang suporta sa kanila lalo na sa panahon ng pandemya.
Natanggap ng aklat na ito ang prestihiyosong international Stevies Gold Award for Innovation in Government Publications, bilang pagkilala sa QC sa pagtataguyod ng mga Micro, Small, at Medium Enterprises. Upang patuloy ding maisulong ng mga online entrepreneurs ang kanilang mga negosyo, nag-organisa tayo ng anim na local artisan trade fairs sa mga malls.

Vice mayor pa lang ako noong sinimulan natin ang Joy of Urban Farming. Naniniwala po ako na kaya natin magkaroon ng farms at edible gardens sa ating mga bakuran kahit na tayo ay isang highly-urbanized city. Ngayon ay nag-level-up na po tayo, at ginawang mas

5 PAGPAPALAGANAP SA EKONOMIYA AT TRABAHO



- Pinalawig ang deadline ng pagbayad ng buwis para sa mga negosyo at amilyar ng mga real property na walang penalty at tax amnesty
- Pagbabayad ng buwis ng mga negosyo pinalawig sa Abril 2022 mula Enero 2022
- Inilunsad ang QC Biz Easy, ang online unified business permit application system na alinsunod sa "Ease of Doing Business" ng Anti-Red Tape Authority
- Online tax mapping system
- Pinaigting na imbentaryo ng real property at tax mapping operations
- Karagdagang real property tax na umabot sa Php 311.6 million
- QC Build Easy - online na pag-aaplay ng construction permit
- QC Pay Easy - electronic at online na pagbabayad
- Tindahan ni Ate Joy - 2, 989 benepisyaryo mula 2013

- Small Income Generating Assistance Program (SIGA) na nagbibigay ng 5,000 cash assistance sa 3,800 na maliliit na negosyo
- Pangkabuhayang QC Program - tulong pinansyal na Php 10,000 hanggang Php 20,000 para sa mga nawalan ng trabaho, maliliit na negosyante, at umuwi na mga OFW
- QC Sewers Cooperative - gumagawa ng mga PPE para sa mga ospital ng Quezon City
- New Greenland Farmers Cooperative - unang urban farming cooperative sa buong bansa
- Made in QC - libro na naglalaman ng mga produkto ng homegrown artisans mula sa Quezon City; binigyan ng Stevies Gold Award for Innovation in Government Publications
- 6 na local artisan trade fair sa mga mall para tulungan ang mga maliliit na negosyante
- 300 urban farms na may 340,000 square meters, 70 aquaculture sites at 2,238 urban farmers
- Community feeding para sa 355 ,737 na mga benepisyaryong pamilya
- 65,430 na libreng farming starter kits ang ipinamigay
- Kinilala sa Galing Pook 2021 ang GrowQC Food Security Program
- Pinalawak na city veterinary services; pagtataguyod ng animal care at adoption center
- 101 na pansamantalang pwesto para sa 1,810 na nagtitinda sa 29 na barangay
- 43 na informal na palengke sa 24 barangays na nakatulong sa 2040 na manininda
- Emergency employment program na naglaan ng pansamantalang trabaho para sa mga manggagawa
- 3,317 na trabaho ang nailaan sa pamamagitan ng relief operations, libreng sakay program, community clean-up drives, at urban farming
- Trabaho para sa 4,947 na QCitizens sa pakikipagtulungan sa pribadong sektor

malaki at mas malawak ang ating proyekto na Grow QC.

Ang QC ngayon ay may mahigit 300 urban farms, 70 na aquaculture sites, at 2,238 urban farmers. 340,000 sq. meters na ang mga taniman na nakakapaghatid ng supply ng gulay sa ating mga ka-lungsod. Malaking tulong din ang mga aning gulay mula sa urban farms sa malawakang community feeding na ating idinaos noong Mayo during ECQ na mayroong 355,737 pamilyang benepisyaryo. Kaugnay nito, mula June 2020 hangang October ngayong taon nakapamigay na tayo ng 65,430 na libreng farming starter kits sa ating mga mamamayan dito sa lungsod.

Sa paglago ng ating programa, malugod nating inani ang tagumpay nang kilalanin ang Grow QC Food Security Program bilang isa sa sampung Galing Pook Awardees ngayong taon. Isa ito sa kinilalang pinakamahusay na programa mula sa 208 na entries ng iba't ibang LGUs sa buong Pilipinas.

"Ang kwento ng Quezon City ay kwento ng pagsisikap ng ating mga mamamayan. Inaako nila ang responsibilidad na iligtas, i-angat at itaguyod ang kapwa at pamayanan. Ang bagong kwento ng Quezon City, ay kwento ng kabayanihan at bayanihan. Kwento ng sakripisyo at damayan. Tungkulin kong bigyan ng tinig ang mga kwentong ito."

- MAYOR JOY BELMONTE

Sa ilalim ng programang Emergency Employment Program, nabigyan ng temporary employment opportunities ang mga displaced workers.

Sa pamamagitan ng programang ito, nakapagbigay tayo sa 3,317 na aplikante ng iba't ibang job placements. Nakatulong din tayo sa paghahanap ng trabaho para sa 4,947 QCitizens katulong ang pribadong sektor ngayong panahon ng pandemiya.

Dati, parang mataas na pangarap ang "Asenso" sa QC. Sa nakaraang taon, tinaasan pa natin ang ating ambisyon. Ginawa nating "Asenso para sa Lahat". At para magawa natin ito, inuna nating linisin ang bakuran ng gobyerno, na siya namang nagbigay-daan sa mas marami, mas malawak at abot-kamay na mga serbisyong-pantao. Dahil wala namang halaga ang asenso, kung hindi nararamdaman ng lahat ng ating mga QCitizens ito.

Ang kwento ng Quezon City ay kwento ng pagsisikap ng ating mga mamamayan. Inaako nila ang responsibilidad na iligtas, i-angat at itaguyod ang kapwa at pamayanan. Ang bagong kwento ng Quezon City, ay kwento ng kabayanihan at bayanihan. Kwento ng sakripisyo at damayan. Tungkulin kong bigyan ng tinig ang mga kwentong ito.

Sa aking pagsambit ng "Una Ka Sa Serbisyo", naiisip ko, na minsan ito ay pangako, kadalasan, ito ay mabigat na responsibilidad.

Hindi tayo magsasawalang-kibo. Sabi nga, mananaig ang kasamaan kung hindi kikilos ang mababuti. Kakalat ang kwentong walang kwenta, kung hindi natin lalabanan ang kasinungalingan.

Hindi tayo titigil sa pagpupunyagi. Kasama ninyo ako sa pagtataguyod ng inyong sarili at pamilya.

HINDI TAYO BIBITIW HANGGA'T MAY NARIRINIG TAYONG KWENTO NG SAKLOLO AT PANGANGAILANGAN. SAMA-SAMA TAYONG GAGAWA NG KWENTO NG ASENSO!



3RD STATE OF THE CITY ADDRESS

www.quezoncity.gov.ph

Follow Quezon City Government @QCgov